| MATATAG K to 10 Curriculum Weekly Lesson Log | School: | DepEdClub.com | Grade Level: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Name of Teacher | | Learning Area: | English |
| | Teaching Dates and Time: | SEPT. 30 – OCT. 4, 2024 (WEEK 1) | Quarter: | Second |

| | DAY 1 | DAY 2 | DAY 3 | DAY 4 |
|---|---|---|---|---|
| **I. CURRICULUM CONTENT, STANDARDS, AND LESSON COMPETENCIES** | | | | |
| *A. Content Standards* | The learners demonstrate ongoing development in decoding high frequency words and content-specific vocabulary; understand and create simple sentences in getting and expressing meaning about one's school and everyday topics (narrative and informational). | | | |
| *B. Performance Standards* | The learners use their developing word knowledge in automatically recognizing sight words; decode high frequency words and content-specific vocabulary and use them to express ideas; and narrate personal experiences with one's school and content-specific topics | | | |
| *C. Learning Competencies* | **RL1PWS-II-1.** Produce the sound of the letters of L1. (Jj and Ff)<br>**RL1PWS-II-2.** Identify the letters in L1.<br>**RL1PWS-II-3.** Isolate sounds (consonants and vowels) in a word (beginning and/or ending).<br>**RL1PWS-II-4.** Substitute individual sounds in simple words to make new words.<br>RL1PWS-II-5. Sound out words accurately.<br><br>**RL1VWK-II-**1. Use vocabulary referring to school | **RL1VWK-I-3** Read high-frequency words accurately for meaning.<br><br>**RL1CAT-I-1** Comprehend texts:<br>a. Note important details from the story<br>b. Sequence events in the story<br>c. Infer the character's feelings<br><br>**RL1CCT-II4** Respond creatively to texts (myths, legends, **fables**, and narrative poems).<br><br>**RL1BPK-II-3.** Recognize proper eye movement skills in reading:<br>a. left to right<br>b. top to bottom<br>c. return sweep | **RL1VWK-I-4** Read content-specific words (Math, **Makabansa**, GMRC) accurately for meaning.<br><br>**RL1BPK-1-1** Recognize environmental print (symbols)<br><br>**RL1BPK-1-2** Recognize the parts of the book (cover page, title page, etc.)<br><br>**RL1CCT-II4** Respond creatively to texts (myths, **legends**, fables, and narrative poems).<br><br>**RL1CCT-I-1** Narrate one's personal experiences:<br>a. oneself and family. | **RL1PWS-II-2** Identify the letters in L1.<br><br>**RL1PWS-II-3** Isolate sounds (consonants and vowels) in a word (beginning and/or ending).<br><br>**RL1PWS-II-4** Substitute individual sounds in simple words to make new words.<br><br>**RL1PWS-II-5** Sound out words accurately.<br><br>**RL1VWK-I-3** Read high-frequency words accurately for meaning. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **RL1VWK-II-2**<br>a. Identify words with different functions: naming words.<br>**RL1VWK-II-5**. Write words legibly and correctly.<br>**RL1CCT-II-1.** Narrate one's personal experiences: school<br>**RL1CCT-II-3**. Express ideas about: school | **RL1CCT-II-3** Read content-specific words (**Math**, SiKaP, and GMRC) accurately for meaning.<br>(non-standard units of measurement)<br><br>**RL1VWK-II-5** Write words legibly and correctly.<br><br>**RL1BPK-II-1**. Recognize environmental print (symbols).<br><br>**RL1VWK-II-2** Identify words with different functions (naming and describing words):<br>b. Identify words with different functions (**naming** and describing words). | | **RL1VWK-I-4** Read content-specific words (Math, Makabansa, **GMRC**) accurately for meaning. |
| *D. Learning Objectives* | At the end of the lesson the learners must be able to:<br>a. identify the name, form and sound of the target letter/s<br>b. isolate sounds in various parts of the word<br>c. substitute a specific letter with a letter present in the word<br>d. use newly words learned in sentences | At the end of the lesson the learners must be able to:<br>a. read target sight words with guidance<br>b. comprehend the story heard/read<br>c. note important details from the story.<br>d. sequence events from a story heard/read<br>e. infer feelings of characters in the story heard/read<br>f. respond creatively to texts: myths<br>g. read properly following proper eye movements (left | At the end of the lesson the learners must be able to:<br>a. read content specific words: **Makabansa**<br>b. recognize environmental print<br>c. recognize parts of the book<br>d. respond creatively to texts: legends<br>e. narrate one's personal experiences about oneself and family | At the end of the lesson the learners must be able to:<br>a. identify the name, form and sound of the target letter/s<br>b. isolate sounds in various parts of the word<br>c. substitute a specific letter with a letter present in the word |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | e. identify name words (nouns)<br>f. write responses to activities neatly and legibly<br>g. express ideas about school | to right, top to bottom, return sweep)<br>h. read content area words: **Math**<br>i. write words legibly<br>j. recognize environmental print<br>k. identify naming words in stories heard | | d. read high frequency words accurately for meaning<br>e. read content area words: **GMRC** |
| **II. CONTENT** | | | | |
| **III. LEARNING RESOURCES** | | | | |
| *A. References* | Calado, D. (2024) Ang Unang Araw ni Jana Felisa (teacher-made) | Calado, D. (2024) Ang Unang Araw ni Maya sa Paaralan | (2024). Retrieved from: Alamat NG Langaw \| PDF (scribd.com) | (2024). Retrieved from: Alamat NG Langaw \| PDF (scribd.com) |
| *B. Other Learning Resources* | Mga papel, krayola at tsarts | Mga papel, lapis, krayola at tsarts | Mga papel, lapis, krayola at tsarts, bidyo ng Alamat ng Pinya Retrieved from: https://youtu.be/WeMnwcQ3QwA?si=PkvZIjN6KFlM2l4j | Mga papel, lapis, krayola at tsarts |
| *C. Anchorage* | Kalinisan | | | |
| **IV. TEACHING AND LEARNING PROCEDURES** | | | | |
| **Before/Pre-Lesson Proper** | | | | |
| *Activating Prior Knowledge* | Set the mood for the lesson by asking the learners to connect their prior experiences with the lesson.<br><br>Say:<br>*Nalibot mo na ba ang iyong paaralan? Ano-anong mga lugar sa paaralan ang napuntahan mo na?* | Set the mood for the lesson by asking the learners to connect their prior experiences with the lesson.<br><br>Say:<br><br>Sa ating nakaraang aralin ay nakilala ninyo ang ating tauhan na unang araw na pumasok sa paaralan.<br><br>Ngayong araw ay magbabasa tayo ng kaparehas na kwento ngunit | Set the mood for the lesson by asking the learners to connect their prior experiences with the lesson.<br>Say:<br><br>*Nakabasa na ba kayo ng mga kwento na nagsasabi ng pinagmulan ng mga bagay?*<br><br>*Ang mga kwentong ito ay tinatawag na alamat.* | Set the mood for the lesson by asking the learners to connect their prior experiences with the lesson.<br><br>Say:<br><br>*Naaalala ninyo pa ba si Jana Felisa? Ano ang nangyari sa kanya sa tula? Sino sa mga tauhan natin sa mga nagdaang araw ang* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Ano ang itinuturo sa bawat lugar sa paaralan?*<br>*Halimbawa:*<br>*Sa klinika ay tinuturuan tayo ng pangagalaga sa ating katawan.*<br>*Sa silid-aklatan naman ay ang pangangalaga at wastong paggamit sa mga libro.*<br><br>*Itatala ko ang inyong mga sagot sa pisara.*<br>*Ang mga lugar sa aking paaralan ay:*<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | ginaganapan ng mga hayop. Ito ay isang pabula. Ang pabula ay mga kwento na mayroong mga hayop na tauhan.<br><br>Alamin natin sa ating kwento kung mayroong pagkakatulad at pagkakaiba sina Maya at Jana Felisa. | *Ang mga alamat ay mga kwentong naglalayon na maipaliwanag ang pinagmulan ng mga bagay gamit ang kwento at hindi ang paliwanag ng siyensiya.*<br><br>*Kung iisip kayo ng kwento na magpapaliwanag kung paano nagkaroon ng mga langaw, anong kwento ang inyong maiisip? Bakit ninyo ito maiisip?* | *may katulad na karanasan sa kanya?*<br><br>Inaasahang Sagot:<br><br>*Si Maya sapagkat unang araw din niya sa paaralan.*<br><br>*Tama! Sa ating mga nagdaang mga kwento ay makakakilala tayo ng mga tauhan na may katulad na katangian at karanasan. Kadalasan ay nakakaranas din tayo ng katulad na karanasan ng mga tauhan sa kwento.*<br><br>*Balikan natin ang karaniwang naging suliranin sa ating mga nabasang kwento. Ano ang karaniwan sa naging suliranin sa kwento na nangailangan ng solusyon?*<br><br>*Inaasahang sagot: Kinakabahan ang tauhan sa magiging unang araw sa paaralan.*<br><br>*Tama! Karaniwan sa nagung suliranin sa kwento ay may kinalaman sa* |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | *paghahanap ng mga bahagi ng paaralan tulad ng silid-aklatan, kantina at palikuran.*<br><br>*Mahalaga na alam natin ang ispisipikong lugar sa paaralan para sa mga pangangailangang pisikal at sa pag-aaral.* |
| *Lesson Purpose/Intention* | Set the lesson targets for the day.<br><br>Say:<br><br>*Noong mga nagdaang araw, ay napag-aralan natin ang mga titik sa ating alpabeto maliban sa mga hiram na titik.*<br>*Ang mga hiram na titik na pag-aaaralan natin ngayon ay j at f.*<br>*Alam nyo ba ang pangalan ng mga titik na ito? Ano naman ang tunog ng mga titik na ito?*<br><br>*Ngayong araw ay malalaman natin ang mga salita na nagsisimula sa titik j at f.*<br>*Pakinggan ninyo mabuti ang mga salitang ito at siguruhin na kaya ninyo itong masabi at maisulat.* | Set the lesson targets for the day.<br><br>Ngayong araw na ito ay magbabasa tayo ng kuwento.<br><br>Sa ating pakikinig sa kwento ay tutukan ninyo ang pangunahing tauhan. Pagtuunan din ninyo ng pansin ang mga tauhan ng kwento, ang pinangyarihan o kung saan naganap ang kwento at ang iba pang bahagi ng kwento gaya ng problema, naging solusyon at paano nagwakas ang kwento. | Set the lesson targets for the day:<br>Say:<br><br>*Sa ating kwento sa araling ito, tayo ay magbabasa ng alamat.*<br><br>*Tandaan na ang mga alamat ay nagpapaliwanag ng pinagmulan ng mga bagay sa pamamagitan ng kwento at hindi ng paliwanag gamit ang siyensiya.*<br><br>*Sa ating pagbabasa ay bantayan ninyo ang mga bahagi ng kwento na nagpapakilala ng tauhan, pinangyarihan, problema, solusyon at katapusan ng kwento.*<br><br>*Karaniwan na makikita ang mga alamat sa isang libro. Kapag nasa silid-aklatan kayo, makikita ninyo agad ang hinahanap ninyo sa* | *Ngayon ay babasahin natin ang maikling mga buod ng tula at kwento na nabasa natin ngayong linggo na ito.*<br><br>*Mula sa mga ito ay kukuha tayo ng mga salita, tutukuyin natin ang panimulang titik at papalitan natin ang tunog o mga tunog sa mga salitang ito upang makabuo ng bagong salita.*<br><br>*ipapaskil ko ang talata sa pisara at babasahin. Sabayan ninyo ng mata ang aking pagbasa.*<br><br>*Si Jana Felisa ay papasok para sa unang araw. Sabik na siya sa mga bagong karanasan. Gusto na din niyang* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | *pamamagitan ng pagtingin sa iba't ibang bahagi ng libro.*<br><br>*Tingnan ninyo ang harap ng librong ito.*<br><br>Present a sample book:<br><br><br><br>*Ang nasa labas ng libro ay nagsasabi na ang libro ay koleksiyon ng mga Alamat.*<br>*Isa lamang ba ang laman nito na alamat?*<br><br>*Inaasahang sagot: Hindi po, isa po itong aklat.*<br><br>*Tama! Ang koleksiyon mga Alamat ay isang libro ng alamat. Ang labas ng libro ay tinatawag na* ***pabalat.*** *Dito ay makikita din kadalasan ang pangalan ng sumulat at ang gumuhit.* | *makita ang mga lugar sa paaralan gaya ng silid-aklatan, kantina, silid-aralan at palikuran.*<br><br>Ano ang salita na nagsisimula sa titik s?<br><br>Inaasahang sagot: silid-aklatan<br><br>Ano ang tunog ng s? /s/<br><br>Kapag pinalitan natin ang /s/ ng /p/ ano ang bago nating salita? pinid-aklatan<br><br>Kapag inalis natin ang tunog na /si/ sa silid-aklatan at pinalitan natin ang /tan/sa aklatan ng na, ano ang bagong salita? lid-na<br><br>*Mahusay! Ang mga salita ay binubuo ng pantig. Ang mga pantig ay binubuo ng tunog ng titik. Kapag nagpalit tayo ng titik sa isang salita, mag-iiba ang tunog sa salita at makakabuo tayo ng bagong salita. Maaaring salita o dugtong lamang ng mga pantig na hindi* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | *Upang malaman natin kung saan makikita na pahina ang eksaktong kwento na gusto natin ay kailangan natin natin tumingin sa **Talaan ng Nilalaman**. Dito nakasulat ang mga pamagat o paksa at ang pahina kung saan sila makikita.*<br><br>*Alam nyo ba na maaari nating malaman kung kailan nasulat ang libro. Hindi lahat ng libro ay mayroon nito subalit karaniwan ay mayroon. Ito ay tinatawag na **karapatang-ari**.*<br><br>*Ang kabuuan ng aklat ay tinatawag na **katawan ng aklat.** Ito ang kumukuha ng maraming pahina sa libro.*<br><br>*Mayroon ding mga libro na nagbibigay sa atin ng kahulugan ng mga salitang hindi na atin alam mula sa librong binasa. Ang tawag dito ay **glosari o talasalitaan.*** | *salita (non-words) ang ating mabuo.* |
| *Lesson Language Practice* | Review the previously learned letters.<br><br>Say:<br>*Sa mga nakaraang araw ay napag-aralan natin ang mga titik na m,s,a,i,o,b,e,u,t,k,y,l, n, g, ng, p, r, d, h, w.* | Review the previously learned letters.<br><br>Say:<br>*Sa mga nakaraang araw ay napag-aralan natin ang mga titik na m,s,a,i,o,b,e,u,t,k,y,l, n, g, ng, p, r, d, h, w, j at f.* | Review the previously learned letters.<br><br>Say:<br><br>*Kapag tayo ay tumingin sa ating paligid, madami tayong makikitang mga paskil na nagsasabi sa atin kung saan* | Review the previously read story.<br><br>Say:<br><br>*Bago natin simulan ang ating pagbasa ng iba pang buod sa ating mga nabasang kwento noong nagdaang araw ay* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Magpapakita ako ng mga larawan na makikita sa paaralan. Tukuyin ninyo ang mga panimulang titik ng bawat salita:*<br>*__ ambura*<br>*__ nting*<br>*__atawat*<br>*__ ardin*<br>*__ anyo*<br>*__ eso*<br>*__ law*<br>*__ upuan*<br><br>*Maaari ninyo bang sabihin ang panimulang titik ng mga bagay at lugar na ito?*<br><br>*Ang mga salitang ito ay maiuugnay natin sa paaralan.* | *Sa ating mga salita sa talasalitaan, subukin natin hanapin ang mga titik na ito.*<br><br>*dumalo*<br>*silid-aklatan*<br>*kantina*<br>*palikuran*<br>*kahanga-hanga*<br><br>*Nakikita ninyo ang ating mga titik na ating napag-aralan sa ating mga talasalitaan.*<br><br>*Magpapakita ako ng mga larawan at subukan nating pagtambalin ang mga talasalitaan sa mga larawan. Pagkatapos nito ay subukan nating bigyan ng kahulugan ang mga salita.*<br> | *tayo magtatapon ng basura, saan tayo hindi dapat magtapon, mga babala at paalala kung paano mapapangalagaan ang ating kapaligiran.*<br><br>*Ano ano ang mga nakikita natin sa paligid na:*<br><br>*paskil?*<br><br>*paalala?*<br><br>*babala?*<br><br>*Alam ba ninyo ang pagkakaiba ng mga salitang ito?*<br>*Ang mga paskil ay nagbibigay sa atin ng paalala at impormasyon tungkol sa mga bagay. Ang mga paalala ay nagbibigay sa atin ng mga bagay na dapat at hindi natin dapat gawin.*<br>*Ang mga babala naman ay nagbibigay sa atin ng mas matinding paalala upang di tayo masaktan o mapahamak.* | *basahin muna natin ang mga sumusunod na salita.*<br><br>pinaniniwalaan<br><br>lunas<br><br>gantimpala<br><br>karamdaman<br><br>higante<br><br>*Babasahin ko pagkatapos ay ulitin nyo. Ngayon ay maglaro tayo. Sasabihin ko ang mga pangungusap na gumagamit ng mga salitang ito. Subukan nating gumawa ng matalinong hula sa kahulugan ng mga salitang ito.*<br><br>Pinaniniwalaan ng doktor na kaya siya nagkasakit ay dahil sa maruming pagkain.<br><br>Ano ang katotohanan sa kanyang pagkakasakit? Paano ito nangyari?<br><br>*Tama! Ang mga bagay na pinaniniwalaan ay ang ideya na totoo para sa iyo.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | |    | | *Ang lunas sa kanyang sakit ay isang baso ng gamot na inihalo sa inuming tubig.*<br><br>*Ang lunas ba sa isang sakit ay nakakapagpaalis dito? Ano-ano ang mga sakit na alam mo at ang mga gamot na lunas dito.*<br><br>*Halimbawa: lagnat-paracetamol*<br><br>*Ang gantimpala Ni Jana Felisa ay ang makapag-aral sa magandang paaralan sapagkat siya ay masipag mag-aral.*<br><br>*Ano ang ginawa ni Jana Felisa upang magkaroon ng gantimpala na makapag-aral sa magandang paaralan?*<br><br>*Ang karamdaman ng ina ni Pina ay ang pagkakaroon ng lagnat.*<br><br>*Ang karamdaman ay sakit. Ano ang mga karamdaman na naranasan mo o nakita mo sa ibang miyembro ng iyong pamilya?* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | <br><br>*Ano ang halimbawa ng mga pagdiriwang na alam ninyo? Ano-ano ang ginagawa sa mga pagdiriwang? Ano ang damdamin ng tao sa mga pagdiriwang?*<br><br>*Ano ang makikita sa silid-aklatan? Sino ang nangangalaga sa mga aklat?* | | *Gumuho ang lupa na tinapakan ng higante!*<br><br>*Ang higante ba ay malaki o maliit?*<br><br>*Ano ang nangyari sa lupa na nagbigay sa iyo ng ideya para sa iyong sagot?*<br><br>*Mahusay ang mga salitang yan ay mula sa ating mga kwento at makakatulong upang mas maunawaan ninyo ang mga salita.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *Ano ang makikita sa kantina?*<br>*Anong mga oras kanraniwang nagpupunta ang mga bata sa kantina?*<br>*Nakita mo na ba ang palikuran sa paaralan? Paano ito napapanatiling malinis?*<br><br>*Sino ang maituturing mong kahanga-hanga sa paaralan?*<br><br>*Mahusay! Ngayon ay muli nating basahin ang mga salita.* | | |
| **During/Lesson Proper** | | | | |
| *Reading the Key Idea/ Stem* | Present the poem for the day.<br>Say:<br>*Ngayong araw ay magbabasa tayo ng isang tula na magpapakilala sa atin ng tunog at itsura ng titik na kailangan ninyong matutunan.*<br>*Sa pakikinig, tandaan ninyo na kailangan ninyong umupo ng maayos at ituon ang inyong mga mata sa teksto na binabasa ng guro.*<br>*Ang pagbasa natin ay kaliwa pakanan at mula sa itaas pababa.*<br><br>*Handa na ba kayong makinig sa tula.* | Present the text for the day's lesson.<br>Say:<br>*Ngayong araw ay makikinig kayo sa isang pabula.*<br>*Ang pabula ay mga kwento na mayroong mga hayop na tauhan.*<br>*Ang mga hayop sa kwento ay nakakapagsalita at kumikilos gaya ng tao.*<br><br>*Handa na ba kayong makinig?*<br>*Tandaan ninyo ang mahahalagang detalye ng kwento.*<br>*Sisimulan ko na.*<br><br>**Ang Unang Araw ni Maya sa Paaralan**<br><br>Gaya ng ibang ibon, dumating na ang takdang araw nang pagpasok ni Maya sa paaralan. | *Present the text for the day's lesson.*<br>*Say:*<br>*Ngayong araw ay magbabasa tayo ng isang tula na magpapakilala sa atin ng tunog at itsura ng titik na kailangan ninyong matutunan.*<br>*Sa pakikinig, tandaan ninyo na kailangan ninyong umupo ng maayos at ituon ang inyong mga mata sa teksto na binabasa ng guro.*<br>*Ang pagbasa natin ay kaliwa pakanan at mula sa itaas pababa.*<br><br>*Tandaan ninyo na ang alamat ay nagpapaliwanag ng pinagmulan ng mga bagay sa pamamagitan ng kwento.* | Review the previously read texts.<br><br>Say:<br><br>*Narito ang mga mga buod ng ating mga kwento.*<br><br>Sabik si Jana Felisa na pumasok sa kanyang paaralan.<br><br>Gusto niyang makita ang silid-aralan, silid-aklatan, kantina at palikuran.<br><br>Unang araw ni Maya sa paaralan. Maraming pagbabago sa paaralan subalit tinulungan ng ibang mga ibon si Maya upang makita niya ang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Pagkatapos kong magbasa ay subukan ninyong basahin pagkatapos ko.*<br><br>**Ang Unang Araw ni Jana Felisa**<br><br>Maaganag pumasok si Jana Felisa.<br>Sabik siya na sa kanyang klase ay makapunta.<br>Mula sa pasukan ng kanyang paaralan,<br>Si Jana Felisa ay lumakad sa kanan.<br><br>Isang puting gusali na maraming pinto,<br>Sa dulo ng pasilyo siya ay lumiko.<br>Silid-akalatan ay nakabukas,<br>Katabi nito ang silid na mayroong mga tinig na malalakas.<br><br>Maraming bata ang nakaupo sa silid.<br>Si Jana Felisa ay kumatok sa pinto sa gilid.<br>Nakangiting sumalubong ang kanyang guro,<br>Tila handang-handa na itong magturo. | Inihanda niya ang kanyang bag at lumipad patungo sa gitna ng gubat upang dumalo sa unang araw ng klase.<br><br>Sa kanyang pagdating ay naabutan na agad niya si Loro na nakikipagkumustahan sa kanilang mga iba pang kaklase na ibon.<br><br>“Maya, kumusta ka,” tanong ni Kalapati.<br><br>“Maayos naman ako,” tugon ni Maya.<br><br>“Hindi ko lamang makita ang silid-aklatan,” nagtataka na dugtong ni Maya.<br><br>“Ah, hindi mo nakita sapagkat nasa ibang lugar na ito. Napakaraming bagong libro dun. Nandun na ang silid-aklatan sa likod ng entablado,” bungad ni Kwago.<br><br>“Napakalaki din ng ating bagong kantina. Maraming mga masusustansiyang pagkain gaya ng prutas at gulay.<br><br>“Kahanga-hanga din ang mga palikuran dahil napakalinis ng mga ito,” sabi ni Lawin. | *Handa na ba kayong makinig?*<br><br>***Ang Alamat ng Langaw***<br><br>*Noong unang panahon, mayroong isang bayang kahit saan ka lumingon at may basura.* ***(Paano maiiwasan ng bawat pamilya sa pamayanan na ito na magkaroon ng ganitong pangyayari?)*** *Ang mga tao ay masasayang namumuhay sana ngunit hindi sila marunong maglinis ng kanilang mga bakuran. Ang mga bata ay laging marurumi at hindi marunong maligo.* ***(Kung marumi ang paligod at katawan ng mga bata, saan nagsisimula ang problema? Ano kaya ang naging sanhi ng mga problema na ito?)***<br>*Ngunit walang gumagawa ng hakbang para luminis ang lugar. Kuntento lamang ang mga tao sa kanilang buhay hanggang isa-isang nagkawalaan ang mga tao.*<br>*Natakot ang mga mamamayan ng bayan. Napadalas kasi ang pagkawala ng kanilang mga kababayan.* ***(Saan kaya napunta ang mga tao? Bakit kaya sila nagsimulang mawala ang mga tao?)*** *Iniutos ng hari na magkaroon ng mga* | silid-aklatan. Sa huli naging maligaya at sabik ang lahat ng ibon sa kanilang pag-aaral.<br><br>Si Angaw ay isang higante na kumakain ng mga taong marurumi. Nabahala ang hari na maubos nang maubos ang mga tao na marurumi sa katawan at nakatira sa maruming paligid. Nagsimula silang maglinis at ito ang naging dahilan ng panghihina at pagkawala ni Angaw.<br><br>Si Pinang ay anak ni Aling Rosa. Mabait siyang bata ngunit walang alam sa gawaing bahay. Isang araw nang magkasakit si Aling Rosa ay kinailangan niya si Pinang subalit nagdadabog ito at ayaw sumunod. Hiniling ni Aling Rosa na dumami ang mata ni Pinang at nagkatotoo ito at naging unang pinya ang anak.<br><br>*Ang kwento ni Jana Felisa ay isang tula. Ang kwento ni Maya ay* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pinatayo ng guro ang lahat ng mga bata.<br>Pumila sila at naglakad pakaliwa.<br>Ipapakita ng guro ang buong paaralan.<br>Sa silid-aklatan, kanilang sisimulan.<br><br>Masaya na natapos ang araw ng lahat,<br>Bawat sulok ng paaralan kanilang siniyasat.<br>Mahalaga na matutunan ng lahat kung saan pupunta,<br>Upang kung may kailangan ay agad makita.<br><br>*Ano ang naramdaman ni Jana Felisa sa unang araw ng pagpasok sa eskwela.*<br>*Ano-ano ang mga bahagi ng paaralan na kanilang pinuntahan ng kanyang mga kaklase?*<br><br>*Ano ang mensahe ang gustong iparating ng sumulat ng tula?* | Nagsimula na ang klase. Lahat ay sabik na magsimula ang klase dahil sa mga magagandang pagbabago sa kanilang paaralan.<br><br>*Mahusay at nasagot ninyo ang mga tanong. Nakakatuwa din na nakinig kayong mabuti sa kwento. Para sa ating panggrupong gawain, hahatiin ko kayo sa apat na grupo.*<br>*Ang unang grupo ay magsasagot ng mga Elemento ng Kwento PART 1.*<br>*Itatala ninyo ang pangalan ng ating mga tauhan sa kwento at ang kanilang mga katangian. Maging handa kayo na ipaliwanag kung bakit ninyo inilarawan ang mga tauhan. Sa ilalim nito ay isulat ninyo ang pinanyarihan ng kwento o tagpuan.*<br>*Para sa ikalawang grupo, sagutan ninyo ang Elemento ng Kwento PART II.*<br>*Para sa grupo ninyo, itatala ninyo ang naging suliranin sa kwento, paano ito nalutas at kung ano ang naging katapusan nito.*<br><br>*Ang ikatlong grupo ay magtatala ng damdamin ng pangunahing tauhan na ipinapakita sa bawat pangyayari na nakatala.* | *grupo ng tao na mag-iikot araw at gabi upang magbantay. Doon nila nakita ang higanteng si Angaw.*<br>*"Masarap talagang kumain ng tao lalo na kung ito'y marumi, " narinig pa nila itong sinabi ni Angaw habang nag-iikot sa kadiliman ng gabi.* ***(Ano ang kinalaman ni Angaw sa pagkawala ng mga tao?)***<br>*Isinumbong ito ng mga mamamayan sa hari. Dahil doon, ipinagutos ng hari na magtulong-tulong ang lahat na maglinis ng mga tao mula sa bayang ito. Nagtaka sila kung anong nangyari kay Angaw. Sa kanilang paghahanap, nakita nilang ito'y namatay na sa gutom dahil wala nang makaing maruruming tao. Inihagis nila ang bangkay nito sa isang malalim na bangin kung saan nila itinapon ang mga basura ng kanilang bayan. Pagkatapos ng ilang lingo ay nawala ang bangkay ni Amok at nagkarooon ng maraming lumilipad-lipad na insekto dito.* ***(Bakit naging maliliit na insekto na lamang si Angaw?)*** *Tinawag nila itong Langaw upang maalala ang higanteng si Angaw. Tinabunan nila ang basura ng lupa at* | *isang pabula. Ang kwento nina Angaw at Pinang ay mga alamat.*<br><br>*Ngayon ay magtatala ako ng mga titik sa pisara. Isusulat ng ilan sa inyo sa pisara ang mga salita mula sa talata na nagsisimula sa mga titik na ito.*<br><br>*Mga titik:*<br>p-<br>h-<br>g-<br>n-<br>s-<br>i-<br>k-<br><br>*Mahusay at napuno ninyo ng salita ang pisara na nagsisimula sa mga titik na naibigay.*<br><br>*Magkakaroon pa tayo ng karagdagang pagsasanay.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *Ara sa ikaapat na grupo, susulat sila ng liham pasasalamat para sa mga katulong sa paaralan para sa pagpapaganda nito.*<br><br>*Ang ikalimang grupo ay gagawa ng liham ng pangako na iingatan ang paaralan.*<br><br>*Ipapaskil natin ang inyong mga sagot sa pisara.*<br>*Tingnan natin kung wasto ang inyong mga sagot ayon sa nilalaman ng ating kwento.* | *nawala ang mga langaw na lumilipad-lipad.*<br>*Magmula noon ay hindi na pinabayaan ng mga mamamayan ang kalinisan sa kanilang lugar at mga katawan. Ayaw na nilang bumalik ang mga langaw sa kanilang lugar.*<br>***(Paano natuto ang mga tao sa bayan na ito?***<br><br>*Upang mas malaman natin ang inyong pagkaunawa sa kwento ay magkakaroon tayo ng pangkatang gawain.*<br><br>*Ang unang grupo ay magsasagot ng isang chart na kukumpleto sa puzzle ni Angaw. Pagkatapos ninyo itong buuin ay sumulat kayo ng limang salita na maglalarawan sa pisikal na itsura niya gayundin sa kanyang mga ugali na ipinakita sa kwento.*<br><br>*Ang ikalawang grupo ay magtatala ng pinangyarihan ng kwento. Mayroong ilang lugar na nabanggit sa kwento.*<br>*Pag-usapan ninyo at ilarawan ang bawat lugar na ito.*<br>*A. ang bayan*<br>*B. ang tirahan ni Angaw*<br>*C. ang hukay na pinagtapunan ng mga basura* | |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | *D. ang bayan sa katapusan ng kwento.*<br><br>*Ang ikatlong grupo ay magtatala ng suliranin sa kwento at ang solusyon na naisip ng hari upang mailigtas ang mag mamamayan.*<br><br>*Ang ikaapat na grupo ay gagawa ng isang poster na magbibigay babala sa mga tao sa maaaring maidulot ng kapabayaan sa kapaligiran sa tahanan at pamayanan. Sisimulan nila ito sa:*<br><br>*Ang mga basura na ating ikinakalat,*<br><br>______________________________ | |
| *Developing Understanding of the Key Idea/Stem* | Present the words from the story needed for the target letter.<br><br>Say:<br><br>Sa ating tula, nalaman natin ang tunog ng mga hiram na titik na Ff at Jj. Ulitin natin ang tunog ng mga titik na Ff at Jj. Ang Ff ay may tunog na /f/. Ang Jj naman ay may dalawang tunog: /j/ at | Process the engagement activities.<br>Say:<br>*Balikan natin ang inyong mga sagot. Para sa unang grupo, itala ninyo ang katangian ng ating mga tauhan ayon sa kanilang mga naging kilos sa ating kwento? Ano-ano ang mga salitang naglalarawan ang ginamit nyo para kay Maya?*<br><br>*Mahusay! Ang ating mga tauhan ay mayroong magkakatulad at magkakaiba na ugali.* | Present the target.<br><br>*Naaalala ninyo ba kung ano ang alamat? Sa unang bahagi ng ating aralin ay nakakita kayo ng isang libro na pinamagatang Koleksyon ng mga Alamat. Ayon sa inyo, ang koleksyon ay binubuo ng maraming kwento.*<br><br>*Naaalala ninyo rin ba ang mga bahagi ng aklat?* | Present the target.<br><br>*Balikan natin ang nga salita na inyong naitala.*<br><br>*Halimbawa ng Inasahang Sagot:*<br><br>p- inya<br><br>h- igante<br><br>g- antimpala |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>/h/. May mga pangalan na binabasa sa tunog ng Jj na /h/ gaya ng Jose na binabasa ng Hose at ang Julio bilang Hulyo.<br><br>Sa pagsulat ng malaking titik F ay magsisimula sa taas pababa. Mula sa taas na linya ay gagawa ng pahigang liny ana maiksi pakanan.<br>Uulitin ito sa gitnang linya.<br>Para sa maliit na f, mula sa pagitan ng taas at gitnang linya ay kukurba pakaliwa at gagawa ng linya pababa sa pinakailalim na linya.<br><br>Tnadaan ang tunog ng Ff ay /f/ at ang tunog ng Jj ay maaaring /j/ at /h/.<br><br>Sa mga nakaraang araw ay nalaman din natin ang tunog ng iba pang katinig at patinig sa ating alpabeto.<br>Subukan nating tukuyin ang panimulang titik ng mga lugar na makikita natin sa paaralan.</td>
<td>Ang ikalawang tanong ninyo ay kung saan nangyari ang kwento. Basahin ninyo ang inyong sagot.<br>Inaasahang Sagot: Ang kwento ay nangyari sa gubat.<br><br>Tama, nangyari ang kwento sa gubat.<br><br>Para sa ikalawang grupo, kayo ang nagtatala ng suliranin o problema sa kwento, solusyon at katapusan.<br><br>Ano ang naging suliranin sa kwento? Paano ito nalutas? May naiisip ba kayong ibang paraan upang malutas ang suliranin?<br><br>Inaasahang Sagot:<br>Suliranin: Hindi nakita ni Maya ang silid-aklatan.<br>Solusyon: Ibinigay sa kanya ng ibang ibon ang lugar na kinaroroonan ng sild-aklatan.<br>Katapusan: Masayang-masaya ang lahat ng hayop sa nakitang pagbabago sa paaralan.<br>Paano nagwakas ang kwento, may naiisip ba kayong ibang katapusan para sa kwento?<br>Ano-ano ang mga ito?<br><br>Inaasahang sagot:</td>
<td>Tingnan ninyo ang aking hawak na libro.<br>Sasabihin ko ang kahulugan, ibibigay ninyo sa akin ang bahagi ng aklat.<br>Narito ang talaan ng mga bahagi:
<table>
<tr><td>Pabalat</td><td>Glosari</td><td>Karapatang Ari</td></tr>
<tr><td>Talaan ng Nilalaman</td><td>Katawan ng Libro</td><td></td></tr>
</table>
___________ a. Dito natin makikita ang talaan ng mga pamagat at pahina ng mga kwento o paksa sa aklat.<br><br>_______ b. Ito ay talaan ng mga mahihirap na salita at kahulugan na ginamit sa aklat.<br><br>_______ c. Ito ang kabuuan at pinakamakapal na bahagi ng aklat.<br><br>_______ d. Dito makikita ang pamagat ng libro at kung sino ang sumulat dito at gumawa ng mga guhit o ilustrasyon.<br><br>_______ e. Dito makikita kung kailan lumabas o nailimbag ang aklat.<br><br>Mahusay at naalala ninyo pa ang mga bahagi ng aklat.</td>
<td>n- aging<br>s- umunod<br>i- dolo<br>k-atawan<br>Subukin nating pantigin:<br>pin-ya<br>hi-gan-te<br>gan-tim-pa-la<br>na-ging<br>su-mu-nod<br>i-do-lo<br>ka-ta-wan<br>Mahusay! Tandaan ninyo na ang isang pantig ay may patinig.<br>Ngayon ay subukan nating palitan ang ilang titik sa bawat pantig.<br>Kung papalitan natin ng /s/ ang /p/ sa pinya, ano ang bagong salita? sinya<br>Kung aalisin natin ang /n/ sa katawan, ano ang salita? katawa</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Magpapakita ako ng mga larawan at tukuyin ninyo ang mga lugar na ito sa paaralan.<br><br>_____ilid-aklatan<br><br>_____ antina<br><br>_____ alikuran<br><br>_____ pisina ng punong-guro.<br><br>Mahusay at natatandaan ninyo ba ang mga panimulang titik ng mga salitang ito.<br><br>Subukan nating basahin ang ibang salita sa ibaba:<br><br>basa payong<br><br>lapis pambura<br><br>*Subukan nating palitan ang panimulang titik ng basa ng /t/, ano ang bagong salita?*<br><br>Inaasahang sagot: basa-- tasa<br><br>*Basahin ninyo ang lapis. Maglagay kayo ng /g/* | *Pupuntahan ng mga tauhan ang iba pang bahagi ng paaralan na mayroong pagbabago.*<br><br>*Para sa ikatlong grupo, ang ating pangunahing tauhan na si Maya ay nalagay sa iba't ibang sitwasyon.*<br><br>*Ang una ay ang pagdating sa unang araw ng klase. Ano ang naging damdamin niya dito?*<br><br>*Inaasahang sagot: nasasabik, kinakabahan*<br><br>*Tama maaaring labis siyang nagagalak para sa unang araw ng klase.*<br>*Hindi niya makita ang silid-aralan.*<br>*Inaasahang Sagot: Labis na nag-alala si Maya para sa mga proyekto na kailangan niya gawin sa paaralan.*<br><br>*Itinuro ng mga kaibigan ni Maya ang bagong puwesto ng silid-aklatan.*<br>*Inaasahang sagot: Labis ang tuwa ni Maya sa pagkakaroon ng mabubuting kaibigan.*<br><br>*Ang ikaapat na grupo ay sumulat ng liham na pasasalamat para sa mga katulong sa paaralan?*<br>*Sang-ayon ba kayo na dapat* | *Ngayon ay babalikan natin ang ating kwento.*<br><br>*Sa ating kwento, ano ang kapansin-pansin sa mga bata at sa kanilang tahanan?*<br><br>*Kapag ang isang pamayanan ay binubuo ng maraming pamilya na walang kalinisan at kaayusan, ano ang mangyayari sa pamayanan?*<br><br>*Ano ang mga bagay na dapat nasisimulan sa tahanan na may kaugnayan sa pagpapanatili na malinis ng katawan?*<br><br>*Ngayon ay babasahin natin ang inyong mga sagot sa mga tsart na inyong sinagutan.*<br><br>*Sa unang grupo, ano-ano ang mga katangian na inyong naitala?*<br>*(Mag-uulat ang unang grupo.)*<br>*Tandaan ninyo na ang mga katangian na ito na naglalarawan sa ating tauhan ay tinatawag natin na pang-uri o mga salitang naglalarawan.*<br><br>*Maaari bang ipakita ng pangalawang grupo ang mga naitala nilang lugar kung saan* | *Kung aalisin natin ang /i/ sa idolo ano ang bagong salita? dolo*<br><br>*Kung magdadagdad tayo ng /s/ sa higante, ano ang bagong salita? higantes*<br><br>*Mahusay! Ang ating mga salita ay maaaring maiba kapag tayo ay nagpalit ng mga titik sapagkat ang mga titik ay may sariling mga tunog.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *pagkatapos ng /a/ at palitan ninyo ang /i/ ng tunog na /a/, ano ang bagong salita?*<br>*Inaasahang sagot: lapis----lagpas*<br><br>Balikan natin ang ilan sa mga salita sa taas at iba pang salita na may kaugnayan sa paaralan.<br><br>Tukuyin natin kung alin sa mga ito ang nagsasabi ng pangalan ng bagay, tao, hayop, lugar o pangyayari o naming word.<br><br>silid-aklatan<br>kantina<br>lapis<br>pusa<br>basa<br>kaarawan<br>pambura<br>punong-guro<br><br>*Alin sa mga ito ang nagsasabi ng pangalan ng tao? hayop? bagay? pangyayari?*<br>*May ilang mga pangalan sa listahan ay pangalan na itinatawag sa hayop,* | *sumulat ng liham ng pasasalamat sina Maya at kanyang mga kaibigan?*<br><br>Inaasahang sagot: *Nararapat lamang na magpasalamat sina Maya sa mga katulong sa paaralan sapagkat para sa kanila ang mga pagbabago na ito.*<br><br>Maaari inyo bang Ibigay sa akin ang unang titik ng bawat salita na aking babanggitin?<br><br>lunas<br>paanan | *matatagpuan ang mga tauhan sa kwento sa mga espisipikong bahagi ng kwento?*<br><br>*(Mag-uulat ang grupo.)*<br><br>*Ang inyong mga naitalang salita ay naglalarawan sa mga lugar na pinagyarihan ng mga naganap sa kwento.*<br><br>*Para sa ikatlong grupo, iulat ninyo ang naging suliranin sa kwento at ang naging solusyon dito.*<br><br>*(Mag-uulat ang ikatlong grupo.)*<br>*Mayroon ba kayong ibang katapusan na naiisip? Ano ang basehan ninyo para sa inyong naisip na katapusan?*<br>*Maiiba ba ang katapusan kung hindi nagbago ang mga tao sa pamayanan na ito?*<br><br>*Ngayon naman para sa ikaapat na grupo, ano ang nilalaman ng poster ninyo? Bakit ninyo naisip na ito ang mensahe na dapat mabasa ng lahat?*<br><br>*(Mag-uulat ang ikaapat na grupo.)*<br><br>*Mahusay ang inyong mga ulat. Kitang-kita na naunawaan ninyo* | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *tao, bagay, lugar at pangyayari.*<br>*Ang tawag sa mga ito ay naming words.* | | *ang ating alamat at ang kahalagahan ng kalinisan at disiplina sa pamilya at pamayanan.* | |
| *Deepening Understanding of the Key Idea/Stem* | Synthesize the previously learned concept.<br><br>Say:<br><br>*Natutunan ninyo sa nakaraaang aralin na ang mga salita at pangalan ng mga bagay ay nagsisimula sa iba't ibang titik ng alpabeto.*<br><br>*Subukan ninyong magbigay ng iba't ibang bagay, hayop, tao at lugar na makikita natin sa paligid sa paaralan. Iguguhit ko ang mga ito sa pisara.*<br><br>*Tatawag ako ng limang bata na pupunta sa harapan upang isulat ang panimulang titik ng mga larawang ito.*<br><br>*Pagkatapos nilang isulat ay tatawag naman ako ng mga bata na susulat ng kasunod na titik o mga titik ng panimulang titik* | Integrate the concept of non-standard measurement in this part of the lesson.<br><br>Say:<br><br>*Balikan natin ang kwento na binasa natin sa klase. Naaalala ba ninyo ang naging suliranin ni Maya?*<br><br>*Inaasahang sagot: Hindi na niya alam kung nasaan ang silid-aklatan.*<br><br>*Mula sa kanilang silid-aralan ay malapit lamang ang silid-aklatan. Katapat lamang ito ng kanilang silid-aralan. Kung susukatin nila ang layo, maaari silang magbukas ng kanilang pakpak at dumipa.*<br><br>*Ipapakita ko sa inyo kung ano dipa. Kapag wala tayong panukat ay maaari nating gamitin ang ibang bahagi ng katawan gaya ng kamay, daliri at mga braso.*<br><br>*Tama ang ating kamay na nakadiresto pakaliwa o pakanan ay maaari ding panukat. Ganito* | Enrich the students' knowedge on the target skills using additional activities and deeper discussions.<br><br>*Say:*<br><br>*Subukan natin na makinig sa isa pang tanyag na alamat sa ating bansa. Ito ay pinamagatang, ang Alamat ng Pinya. Papanoorin natin ito, pagkatapos ay magsasagot tayo ng gawaing papel tungkol dito. Mag-uusap ang inyong grupo at pasalita ninyong iuulat sa klase ang inyong sagot.*<br><br>***Si Pinang***<br>*Pisikal na Katangian:*____________<br>________________________<br>*Ugali:*<br>________________________<br>________________________<br>***Si Aling Rosa***<br>*Pisikal na Katangian:*____________<br>________________________<br><br>*Ugali:*<br>________________________ | Review previous concepts learned.<br><br>Say:<br><br>*Ngayon na alam na ninyo ang tunog ng karamihan sa mga titik sa Alpabetong Pilipino. Hahatiin ko kayo sa mga grupo. Mula sa mga ibibigay ko na pangungusap ay magtatala kayo ng mga salita na nagsisimula sa mga titik na nabanggit.*<br><br>*Sabik si Jana Felisa sa bagong paaralan.*<br><br>*Tuwang-tuwa ang mga ibon sa pagbabago sa kanilang paaralan.*<br><br>*Hinahanap ni Pina ang sandok.*<br><br>*Marumi ang paligid na tinitirhan ni Angaw.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *upang mabuo ang unang pantig ng bawat salita.*<br><br>*Halimbawa:*<br><br><br><br>*Ang unang bata ay susulat ng l at ang pangalawang bata ay susulat ng a upang mabuo ang unang pantig na la. Naunawaan ba ninyo? Ngayon na nakasulat na tayo ng limang salita sa pisara, subukan naman nating bumuo ng mga bagong salita sa mga nakasulat na salita sa pamamagitan ng pag-alis at pagdagdag ng mga titik. Ngayon na nakabuo na tayo ng mga bagong salita, subukin natin tukuyin sa mga salitang ito ang mga sumusunod.*<br><br>tao | *ang gagawin, gayahin ninyo ako. Ang tawag dito ay dipa. Ito ang isang dipa. Ito naman ang dangkal. Gayahin ninyo ako, dangkal.*<br><br>*Ang mga salitang ito ay panukat na hindi nagbibigay ng eksaktong sukat. Ginagamit lamang ito sa tahanan o sa mga pagsusukat na hindi kailangan ng saktong sukat.*<br><br>*Subukan natin dito sa pinto hanggang sa aking lamesa. Ilang dipa kaya ang layo nito?*<br><br>*Tatawag ako nang magsusukat. Mahusay! Ngayon ay balikan natin ang iba pa nating aralin. Sa naunang bahagi ng ating aralin ay natukoy ninyo ang ating pangunahing mga tauhan, pinangyarihan ng kwento, suliranin, solusyon at wakas. Naibahagi ninyo din ang damdamin ng tauhan sa mga pangyayari sa kwento. Ang kanilang damdamin ay naiimpluwensiyahan ng kanilang mga kilos, ugali at pagpapahalaga.*<br><br>*Balikan natin ang ating tula natin noong nagdaang araw.* | ________________________<br>*Ang ikalawang grupo ay iguguhit ang lugar kung saan naganap ang kwento. Magtatala kayo ng limang salitang naglalarawan o pang-uri upang mabuo natin sa ating isip ang pinangyarihan ng kwento.*<br><br>*(Mag-uulat ang ikaapat na grupo.)*<br><br>*Ang ating ikatlong grupo gawain ay magtatala ng naging suliranin ni Aling Rosa sa kanyang anak. Itatala din ninyo kung mayroong naging solusyon sa suliranin ni Aling Rosa.*<br>*(Mag-uulat ag ikaaapat na grupo.)*<br><br>*Ang ikaapat na grupo ay gagawa ng liham ni Aling Rosa para sa anak na si Pinang. Ano kaya ang kanyang sasabihin sa anak?*<br><br>*(Mag-uulat ag ikaaapat na grupo.)*<br><br>*Mayroon ba kayong nakikitang pagkakatulad sa dalawang Alamat na ating nabasa? Gaano kahalaga ang pagsisimula ng pagtuturo ng mga pagpapahalaga o kagandahang asal sa mga bata sa tahanan pa* | *Magtala kayo ng mga salita na nagsisimula sa mga titik na:*<br><br>d-<br><br>a-<br><br>n-<br><br>m-<br><br>l-<br><br>*Ngayon na nakapagtala na kayo ng mga salita. Sa ikalawang hanay ng inyong tsart ay ilagay ninyo ang dulong titik sa bawat salita na inyong nasulat. Maging handa kayo na ibigay sa akin ang tunog ng mga titik na ito.*<br><br>*Sa ikatlong hanay ay sundin ninyo ang mga sumusunod na panuto:*<br><br>1. *Palitan ang unang titik ng unang salota ng /f/ .* |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>bagay</td><td></td></tr>
<tr><td>hayop</td><td></td></tr>
<tr><td>lugar</td><td></td></tr>
</table>
Muli balikan natin ang pangngalan. Ano na nga ang mga ito?
Expected Answer: Ang mga pangngalan ay tumutukoy sa ngalan ng tao, hayop, bagay, lugar at pangyayari.
Tama! Gayunpaman, hindi muna natin aaralin ang mga pangyayari. Matututunan ninyo iyan sa susunod na baitang.
Maaari ba na magbahagi ang ilan sa inyo ng inyong naging karanasan habang iniisip ninyo ang mga bagay na makikita ninyo sa paaralan? Ano ang inalala ninyo upang maibigay ang mga ito?
</td>
<td>
Naaalala ninyo pa ba ang pangalan ng ating tauhan? Ano ang pangalan niya at saan naganap ang kwento?
Ano ang naging suliranin ng ating pangunahing tauhan? Paano niya ito nasolusyunan?
Ano-ano pa ang mga nangyari sa kwento pagkatapos na malutas ang suliranin ng tauhan?
Paano nagtapos ang kwento?
Maayos ang inyong pag-uulat ng mga detalye sa ating tulang nabasa.
Ngayon ay pagtuunan natin ng pansin ang lugar na pinangyarihan ng kwento. Saan ito naganap at ano ang mga bagay na makikita sa lugar na ito?
Inaasahang sagot: gubat, paaralan
Tama ang inyong mga sagot. Sa lugar kung saan naganap ang kwento, maraming puno dahil ang paaralan nila ay nasa gubat.
Ngayon ay subukan nating balikan ang mga tauhan, bagay at
</td>
<td>
lamang lalo na kung ito ay tungkol sa personal na kalinisan?
Sa aking palagay ay nauunawaan na ninyo ang mga bahagi ng kwento. Ipagpatuloy ninyo ang pagtanda sa mahahalagang bahagi ng mga kwentong binasa sa inyo o narinig ninyo upang maging Madali ang inyong paglalahad ng natutunan at naunawaan sa mga ito.
</td>
<td>
<ol start="2">
<li>Palitan ang pangatlong titik ng /j/.</li>
<li>Palitan ang ikalawang titik ng /i/</li>
<li>Palitan ang gitnang titik ng /t/.</li>
<li>Palitan ang pang-apat na titik ng /w/.</li>
</ol>
Tandaan ninyo na maaaring hindi salita o non word ang mabuo ninyo. Walang problema kung ganoon dahil ang sinasanay natin ay ang mga tunog ng mga salita.
</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *lugar sa kwento. Ilarawan natin ang bawat salita na aking babanggitin.*<br><br>*Silid-aklatan*<br>*Kantina*<br>*Maya*<br>*Kuwago*<br>*Loro*<br>*Gubat*<br><br>**Inaasahang sagot:**<br><br>silid-aralan malinis<br>kantina- maayos<br>Maya- sabik<br>Kuwago- matalino<br>Loro- palakaibigan<br>Gubat- malawak<br><br>*Mahusay ang mga salitang inyong nabanggit ay tinatawag na pang-uri.*<br>*Ang mga pang-uri ay salitang naglalarawan.*<br><br>*Narito ang ilan sa mga bagay na makikita sa paaralan.*<br><br>(Magpapakita ang guro ng yeso, papel, lapis, aklat.)<br><br>*Paano mo ilalarawan ang mga bagay na ito?* | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *Upang matandaan ninyo ang pang-uri, ang bilang, katangian, kulay, sukat at hugis ay mga salitang naglalarawan.* | | |
| ***After/Post-Lesson Proper*** | | | | |
| *Making Generalizations and Abstractions* | Have the learners complete sentences that will summarize what they have learned from the day's lesson.<br><br>Say:<br><br>*Mayroon akong mga pangungusap sa pisara nais kong buuin ninyo batay sa inyong mga natutunan.*<br><br>*Makikita sa ___________ ang mga tao, bagay, lugar at may ilang hayop din.*<br><br>*Ang mga titik ay may indibidwal o sariling ____________.*<br><br>*Ang titik Jj ay may dalawang tunog: /j/ gaya ng sa jam at /h/ gaya ng Jose.*<br><br>*Ang mga titik kapag idinagdag o ibinawas sa mga salita ay nakakabuo ng mga bagog salita.* | Have the learners complete sentences that will summarize what they have learned from the day's lesson.<br>Say:<br><br>*Sa pagkukuwento ng nabasa o narinig na kwento dapat tandaan kung sino ang mga _________, saan naganap ang ____________, ano ang naging ____________ ng tauhan, ano ang naging _________ sa problema at paano ___________ ang kwento.*<br><br>*Kapag nagbabasa tayo ay nagsisimula sa ________-pakanan, taas-pababa.*<br>*Sa pagbabasa ng mga pangungusap, tingnan mabuti ang mga salita at huminto sa katapusan ng bawat ____________.*<br><br>*Sa pag-unawa sa mga salitang naglalarawan, tandaan na ang mga ___________, hugis, katangian, ___________ at __________ ay mga pang-uri.* | Have the learners complete sentences that will summarize what they have learned from the day's lesson.<br><br>*Mayroon akong mga pangungusap sa pisara nais kong buuin ninyo batay sa inyong mga natutunan.*<br><br>*Ang magagandang kaugalian at kaalaman sa kalinisan ay nagsisimula sa ___________________.*<br><br>*Mahalaga ang pagtanda sa mga elemento ng ______________ para sa maayos na pagkilala ng mga impormasyon.*<br><br>*Ang mga bahagi ng aklat ay ang pabalat, talaan ng ___________, katawan ng __________ at _____________ ari.* | Have the learners complete the sentences that will summarize what they have learned from the day's lesson.<br><br>Say:<br><br>*Mayroon akong mga pangungusap sapisara nais kong buuin ninyo batay sainyong mga natutunan.*<br><br>*Ang mga salita ay binubuo ng mga ________.*<br><br>*Ang mga titik ay mayroong mga __________.*<br><br>*Ang mga salita ay nahahati ng ________*<br><br>*Sa bawat pantig ay mayroong isang patinig* |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Sa inyong pagbabahagi, maaari ninyong simulan sa:<br><br>Habang iniisip ko ang mga pangngalan na makikita ko sa paaralan,<br>________________________<br>________________________<br>________________________</td>
<td></td>
<td></td>
<td>at isa o higit pang ________.</td>
</tr>
<tr>
<td>Evaluating Learning</td>
<td>Give instructions for the evaluation activity and distribute the sheets among the learners.<br>Say:<br>Ngayon na marami na kayong natutunan tungkol sa mga tunog ng titik, pumili kayo ng isang lugar sa paaralan na pinakapaborito ninyo.<br>Isulat ang pangalan ng lugar na ito sa ibabaw ng kahon.<br>Sa loob ng kahon, gumuhit ng limang pangngalan na makikita ninyo sa lugar na ito.<br>Sa ilalim ng bawat larawan, isulat ang pangalan ng mga ito.<br>Bilugan ang panimulang titik ng bawat larawan.<br>Subukan na sumulat ng isang salita na mabubuo mula sa pangalan ng isa</td>
<td>Give instructions for the evaluation activity and distribute the sheets among the learners.<br><br>Say:<br><br>Pumili ng isang tauhan na hinahangaan ninyo sa kwento. Punan ang tsart tungkol sa tauhan na ito.<br><br><table><tr><td>Pangalan</td><td></td></tr><tr><td>Tirahan</td><td></td></tr><tr><td>Mga Katangian</td><td></td></tr><tr><td>Suliranin</td><td></td></tr><tr><td>Solusyon sa Suliranin</td><td></td></tr><tr><td>Naging Sitwasyon sa Katapusan ng Kwento</td><td></td></tr></table><br><br>*see LAS</td>
<td>Give instructions for the evaluation activity and distribute the sheets among the learners.<br><br>Say:<br><br>Hahatiin ko kayo sa limang grupo at bawat grupo ay gagamit ng isang libro.<br><br>Pupunan ninyo ang inyong kwaderno ng impomasyon tungkol sa librong inyong nakuha.<br><br><table><tr><td>Pabalat</td><td>Sumulat:<br>Gumuhit:</td></tr><tr><td>Talaan ng Nilalaman</td><td>Mayroon: _____<br>Wala: ______</td></tr><tr><td>Karapatang Ari</td><td>Petsa</td></tr><tr><td>Katawan ng Aklat</td><td>Bilang ng Pahina: ______</td></tr><tr><td>Glosari</td><td>Mayroon: _____<br>Wala: ______</td></tr></table></td>
<td>Give instructions for the evaluation activity and distribute the sheets among the learners.<br><br>Say:<br><br>Pumili ng isang tauhan na nagustuhan mo mula sa lahat ng tula at kwento na nabasa mo sa linggong ito.<br><br>Iguhit mo ito at isulat ang mga katangian nito sa mga bilog na nakapalibot sa gitnang bilog.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>sa mga larawan kapag nagpalit, nag-alis o nagdagdag ng isa o higit pang titik.<br><br>*see LAS</td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Additional Activities for Application or Remediation (if applicable)</td>
<td>Discuss the extension activity.<br>Say:<br><br>Para sa pasalitang pagsasanay, ilahad ninyo ang inyong naging karanasan sa mga bagay na tunay na nakapagbibigay ng kaligayahan o saya sa mga bata sa paaralan.<br><br>Tatawag ako ng ilang bata na maglalahad sa klase. Matapos ang kanilang paglalahad ay magtaas kayo ng kamay upang matukoy kung alin sa mga paglalahad ang katulad ng inyong karanasan.</td>
<td>Discuss the extension activity.<br>Say:<br><br>Magtala ng mga bagay na makikita sa paaralan. Kumpletuhin ang talaan.<br>
<table>
<tr><th>Tao</th><th>Bagay</th><th>Lugar</th><th>Pangyayari</th><th>Hayop</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Discuss the extension activity.<br>Say:<br><br>Iguhit ang iyong naging damdamin sa naging katapusan ng kwentong ang Alamat ng Pinya" Isulat din ninyo kung ano ang dahilan bakit kayo nagalit o nalungkot.</td>
<td>Discuss the extension activity.<br>Say:<br><br>Pumili ng isa sa mga suliranin na kinaharap ng mga tauhan sa kwento na nabasa sa linggong ito na naranasan na rin ng mga miyembro ng inyong grupo. Magtala ng mga posibleng solusyon para sa mga suliranin na ito. Maging handa na iulat ito sa klase.</td>
</tr>
<tr><td>Remarks</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Reflection</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>

Prepared by:

________________________

Subject Teacher

Reviewed by:

________________________

Master Teacher/Head Teacher

Approved by:

________________________

School Head